

Mga Karapatan at Pananagutan ng Kalahok ng Programa sa Nutrisyon ng Senior Farmers Market

Ang Programang Nutrisyonal ng Nakakatanda sa Farmers Market (Senior Farmers Market Nutrition Program o SFMNP) ay nagbibigay ng sariwang prutas at gulay sa mga nakatatanda na may mababang kita na may layuning mapabuti ang kanilang kalusugan at estado ng nutrisyon. Sinusuportahan din nito ang lokal na pagsasaka sa pamamagitan ng pagtaas ng paggamit ng mga merkado ng magsasaka at mga nakatayong tindahan sa gilid ng kalsada. Ito ay pinondohan sa bahagi ng pederal na pagpopondo ng USDA.

Ang Iyong Mga Karapatan

Bilang isang aplikante/kalahok ng SFMNP ikaw ay may karapatan:

- tratuhin nang may dignidad, paggalang at walang diskriminasyon;
- na maabisuhan sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 15 araw ng aplikasyon kung hindi ka natukoy na kwalipikado;
- mag-apela ng desisyon sa pagiging hindi kwalipikado kung sa tingin mo ay mali ang ginawang pagpapasiya;
- na panatilihin pribado ang impormasyong ibinigay mo maliban kung hihilingin mong ibahagi ito;
- magreklamo kung sa palagay mo ay hindi ka pinakitunguhan nang patas;
- magkaroon ng malinaw na direksyon kung paano at saan gagamitin ang mga benepisyong natatanggap mo;
- malaman ang tungkol sa iba pang mga serbisyo na maaaring magagamit mo. Maaari kang makipag-ugnayan sa Senior Information & Assistance (Impormasyon at Tulong sa Matatanda) kung nais mong malaman ang tungkol sa iba pang mga serbisyo para sa mga nakatatanda sa iyong lugar.

Ang Iyong mga Responsibilidad

Bilang isang aplikante/kalahok ng SFMNP mayroon kang responsibilidad:

- na magbigay ng tamang impormasyon sa abot ng iyong kaalaman upang matukoy ang pagiging kwalipikado;
- na maunawaan na ang pagbibigay ng maling impormasyon at/o sadyang pagtatago ng mga katotohanan ay maaaring magresulta sa iyong pagbabayad ng mga benepisyo o legal na aksyon;
- na maunawaan na ang pagtatangkang mangolekta ng mga benepisyo nang higit sa isang beses o sa maraming lugar ng pamamahagi sa isang panahon ay magreresulta sa pagwawakas mula sa programa;
- upang ubusin ang sariwang ani na nakuha sa pamamagitan ng programang ito sa iyong sarili;
- para pangalagaan ang mga benepisyong natatanggap mo. Mangyaring iulat kung nawala o nanakaw ang mga ito sa ahensyang nagbigay ng iyong mga benepisyo; ang nawala o nanakaw na mga kard ng benepisyo ay maaaring palitan ng ahensyang nagbigay;
- na tubusin ang iyong mga benepisyo sa isang Awtorisadong Magsasaka sa pagitan ng Hunyo 1 at Oktubre 31;
- na maunawaan na ang pagpopondo ay limitado para sa programang ito at ito ay inihain sa first come, first served basis hanggang sa maubos ang pondo.

Pinayuhan ako tungkol sa aking mga karapatan at obligasyon sa ilalim ng SFMNP. Pinatutunayan ko na ang impormasyong ibinigay ko para sa aking pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat ay tama, sa abot ng aking kaalaman. Ang certification form na ito ay isinusumite kaugnay ng pagtanggap ng Federal na tulong.

Maaaring i-verify ng mga opisyal ng programa ang impormasyon sa form na ito. Nauunawaan ko na ang sadyang paggawa ng mali o mapanlinlang na pahayag o sadyang maling pagkatawan, pagtatago, o pagpigil ng mga katotohanan ay maaaring magresulta sa pagbabayad sa ahensya ng Estado, nang cash, ang halaga ng mga benepisyo sa pagkain na hindi wastong ibinigay sa akin at maaaring isailalim ako sa sibil o kriminal na pag-uusig sa ilalim ng batas ng Estado at Pederal.

Ang mga pamantayan para sa pagiging kwalipikado at paglahok sa SFMNP ay pareho para sa lahat, anuman ang lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian

Naiintindihan ko na maaari kong iapela ang anumang desisyon na ginawa ng lokal na ahensya tungkol sa aking pagiging karapat-dapat para sa SFMNP.

Atinunod sa pederal na batas sa karapatang sibil at mga regulasyon at patakaran sa karapatang sibil ng US Department of Agriculture (USDA), ang institusyong ito ay ipinagbabawal na magdiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlan ng kasarian at oryentasyong sekswal), kapansanan, edad, o pagganti o paghihiganti para sa naunang aktibidad ng mga karapatang sibil.

Ang impormasyon ng programa ay maaaring maging available sa mga wika maliban sa Ingles. Ang mga taong may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng komunikasyon upang makakuha ng impormasyon ng programa (hal., Braille, malaking print, audiotape, American Sign Language), ay dapat makipag-ugnayan sa responsableng estado o lokal na ahensya na nangangasiwa sa programa o sa TARGET Center ng USDA sa (202) 720-2600 (boses at TTY) o makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Federal Relay Service sa (800) 877-8339.

Upang maghain ng reklamo sa diskriminasyon sa programa, dapat kumpletuhin ng isang Nagrereklamo ang isang Form AD-3027, Form ng Reklamo sa Diskriminasyon sa Programang USDA na maaaring makuha online sa: <https://www.usda.gov/sites/default/files/documents/ad-3027.pdf>, mula sa alinmang opisina ng USDA, sa pamamagitan ng pagtawag (866) 632-9992, o sa pamamagitan ng pagsulat ng isang liham na naka-address sa USDA. Ang liham ay dapat maglaman ng pangalan, address, numero ng telepono, at nakasulat na paglalarawan ng di-umano'y diskriminasyong aksyon na may sapat na detalye ng nagrereklamo upang ipaalam sa Assistant Secretary for Civil Rights (ASCR) ang tungkol sa uri at petsa ng isang di-umano'y paglabag sa karapatang sibil. Ang nakumpletong AD-3027 form o sulat ay dapat isumite sa USDA sa pamamagitan ng (1) **koreo:** U.S. Department of Agriculture, Office of the Assistant Secretary for Civil Rights, 1400 Independence Avenue, SW, Washington, D.C. 20250-9410; o (2) **fax:** (833) 256-1665 o (202) 690-7442; o (3) **email:** Program.Intake@usda.gov.

Ang institusyong ito ay isang tagapagbigay ng pantay na pagkakataon.